REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 52

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG MALUGOD AT TAOS-PUSONG PASASALAMAT SA NAPAKABILIS AT MAAGANG PAG-AKSIYON NA ISINAGAWA NG MGA MATATAAS NA PINUNO NG PAMAHALAAN SA NANGYARING KARAHASAN NA ISINAGAWA NG ILANG MIYEMBRO NG PC SPECIAL ACTION FORCE SA PUNONG HIMPILAN NG PULISYA NG BAYAN NG MUNTINLUPA NA IKINASUGAT NG DALAWANG KATAO AT PAGKASIRA NG ILANG ARI-ARIAN SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang maagang pagkilos ng matataas na pinuno ng pamahalaan sa nangyari ay nagdulot ng ibayong paniniwala sa pagkamatarungan ng batas at pagsunod sa pangunahing layunin ng kasalukuyang administrasyon na malinis at mapanuto ang gobyerno;

SAPAGKAT, ang ginawang mabilis na aksiyon na ito ay magsisilbing aral at balakid sa iba pang tagapamayapa at nagpapatupad ng batas na nais sumira sa magandang programa ng kasalukuyang administrasyon;

SAPAGKAT, ang masasamang elemento sa Sandatahang Lakas ng Pilipinas ay kinakailangang alisin sapagkat sila ang dumudungis sa malinis na reputasyon nito at nadadawit ang ibang kasamahan sa serbisyo na nais manilbihan ng tapat at nagsisikap na pairalin ang kapayapaan at kaayusan sa ating bansa;

SAPAGKAT, ang maagang pagkilos ng matataas na pinuno ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas tulad nina GEN. RENATO DE VILLA ang Chief of Staff, MAJ. GEN. RAMON MONTAÑO ang PC/INP Chief at BRIG. GEN. ALEXANDER AGUIRRE ang Capcom Commander at Direktor ng Metropolitan Police Force ay maging halimbawa na dapat tularan ng iba na naninilbihan sa pamahalaan at maging ng mga nasa pribado man.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na:

1. Magbigay ng pasasalamat sa mga matataas na pinuno ng Sandatahang Lakas Ng Pilipinas na sina Gen. Renato De Villa, Maj. Gen. Ramon Montaño at Brig. Gen. Alexander Aguirre sa kanilang maagang pagkilos sa nasabing insidente sa Bayan ng Muntinlupa.

2. Bigyan ng sipi ng Kapasiyahan Bilang 52 ang Kgg. Fidel Ramos, Kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang Bansa; Kgg. Elfren Cruz, Gobernador ng Komisyon ng Kalakhang Maynila at Kgg. Jejomar Binay, Tagapangulo ng Kapulungan para sa Katahimikan at Kaayusan ng Kalakhang Maynila/ Punong Bayan ng Bayan ng Makati.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang tanging pulong na ginanap noong ika-29 ng Septiyembre, 1988.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

pahina 2

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan